CITY OF LONG BEACH

PAHAYAG PARA SA PRESS

Abril 10, 2020

Kontak: Lungsod ng Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pag-release

Ang mga Parke ng Long Beach ay Sarado sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay (Easter Sunday)

Long Beach, CA - Isasara ng Long Beach Department of Parks, Recreation at Marine ang lahat ng mga parke, kabilang ang mga bukas na espasyo, sa Linggo, Abril 12, upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Ang mga pasilidad sa isports at mga dagat ay isinara noong nakaraang buwan alinsunod sa "Mas Ligtas sa Bahay" na kautusan".

"Ang pagsasara ng mga parke sa Easter Sunday (Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay) ay mahirap ngunit kinakailangang hakbang upang maprotektahan ang kalusugan ng ating komunidad," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Napagtanto namin ang epekto nito sa panahon ng mahalagang holiday at hinihiling namin ang iyong kooperasyon upang makapagligtas ng mga buhay."

Sa Linggo, Abril 12 lamang, lahat ng bukas na espasyo ng parke ay magiging sarado sa publiko, kabilang ang mga espasyo para sa mga passive na libangan na aktibidad at aktibong paggamit tulad ng paglalakad, pagtakbo at pagbibisikleta. Ang Easter Sunday ay tradisyonal na isa sa mga pinaka-abalang araw sa mga parke ng Long Beach. Ginawa ang desisyon upang isara ang mga espasyo na ito upang maiwasan ang malalaking pagtitipon sa isang panahon kung kailan kailangan pa rin ng mga tao na obserbahan ang utos ng kalusugan na "Mas Ligtas sa Bahay". Ang Lungsod ay mag-post ng signage sa lahat ng mga parke.

Ang mga pampublikong pasilidad na libangan na ito sa Long Beach ay sarado pa rin batay sa Mas Ligtas sa Bahay na kautusan:

- Lahat ng pampublikong mga daanan, mga trailhead, basketball court, tennis court, volleyball court, golf course, dog park, playground, skate park, public park parking lot at mga lugar para piknik sa loob ng Lungsod

- Ang mga community center at iba pang mga pasilidad na pinamamahalaan ng parke

- Lahat ng pampublikong beach, pier, pampublikong parking lot sa beach, beach bike at mga daanan para sa pedestrian at beach access point

Magbubukas muli ang mga parke para lamang sa paggamit tulad ng paglalakad at pagbibisekleta sa Lunes, Abril 13.

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang mga residente nito, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19 at sundan sa @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###